

2009

**Terminolohiya
sa
Disaster
Risk
Reduction**



Published by the Asian Disaster
Reduction and Response Network
(ADRRN) with the assistance of UNISDR
Asia and the Pacific Office, Bangkok.

Filipino edition, 2010
The translation and adaptation of the
terminology is developed by Center for
Disaster Preparedness (CDP), Philippines.

This publication may be freely quoted or
reprinted, but acknowledgment of the
source is requested.

2009

Terminolohiya

sa

Disaster

Risk

Reduction

In 2009, the United Nations International Strategy for Disaster Reduction (UNISDR) developed a UNISDR Terminology on Disaster Risk Reduction. The book was the result of an ongoing review process by the UNISDR and consultations with a broad range of experts and practitioners at various international, regional and national levels. It was developed as part of the Hyogo Framework for Action (HFA) which requested the UNISDR to “update and widely disseminate international standard terminology related to disaster risk reduction.”

This Disaster Risk Reduction Terminology Kit, developed by Asian Disaster Reduction and Response Network (ADRRN), builds on the 2009 UNISDR English version. It defines the terms by a single sentence with a comments paragraph underneath to provide additional context, qualification and explanation. The terminology includes words that are central to the contemporary understanding and evolving practice of disaster risk reduction. A number of emerging new concepts that are not in widespread use, but are of growing professional relevance are also incorporated.

This kit goes on to simplify and localize the terminology as much as possible. Involving various members including communities, governments and academic institutions, ADRRN has translated the terminology into nine Asian languages. Each has been vetted by various members post translation to ensure maximum relevancy within the local setting.

At the same time, simple illustrations have been added along with each term to make the terminology accessible to a larger audience.

The kit is beneficial for practitioners on two fronts. First, it will aid the spread of disaster risk reduction knowledge at the local level. Second, it will help standardize definitions of key terms, making it easier to communicate and collaborate on disaster risk reduction activities across the Asian region.

The efforts of the UNISDR Bangkok office and the ADRRN member organizations have been integral to this work. We are equally indebted to the critical support of the Government of Maldives and Government of Afghanistan without whom this publication would not have been possible.

TERMINOLOHIYA

Katanggap-tanggap na Peligro	04	■
Pag-aangkop	04	■
Pinsalang Bayolohikal	05	■
Mga Alituntunin sa Pagtatayo ng Imprastruktura	06	■
Mga Alituntunin sa Pagtatayo ng Imprastruktura	06	■
Text	07	■
Pagpapaunlad ng Kakayahan	07	■
Pagbabago ng Klima	09	■
Pagpapalano para sa Posibleng Maganap	09	■
Kakayahan sa Pag-angkop	10	■
Mapagwastong Pamamahala sa Panganib ng Kalamidad	10	■
Kritikal na mga Pasilidad	11	■
Kalamidad	12	■
Peligro ng Kalamidad	12	■
Pagbabawas sa Peligro ng Kalamidad	13	■
Plano sa Pagbabawas ng Peligro ng Kalamidad	14	■
Sistema ng Maagang Babala	14	■
Pakinabang mula sa Ecosystem	15	■
Kaganapang El Nino-Southern Oscillation	16	■
Pamamahalang Pangkagipitan	16	■
Mga Serbisyong Pangkagipitan	17	■
Pagkasira ng Kalikasan	18	■
Pagtatasa ng Epektong Pangkapaligiran	18	■
Pagkalantad sa mga Bantang Peligro/Panganib	19	■
Malawakang Peligro*	19	■
Pag-uulat	20	■
Peligrong Heolohikal	20	■

Greenhouse Gases	21	■
Peligro	21	■
Peligrong Hydrometeorolohikal	22	■
Mga Labing (Tirang) Peligro*	23	■
Katatagan	23	■
Pagtugon	24	■
Retrofitting	24	■
Peligro	25	■
Pagtatasa sa Peligro	25	■
Pamamahala sa Peligro	26	■
Paglilipat ng Peligro	27	■
Natural-at-Likhang-Taong Peligro	27	■
Istruktural at Di-istruktural na mga Hakbang	28	■
Sustenableng Pag-unlad	29	■
Peligrong Teknolohikal	29	■
Bulnerabilidad/ Kahinaan	30	■

Katanggap-tanggap na Peligro

Ang antas ng potensyal na mga pinsala na itinuturing ng lipunan o komunidad na katanggap-tanggap batay sa umiiral na mga kondisyong panlipunan, pang-ekonomya, pampulitika, kultural, teknikal at mga kalagayang pangkapaligiran.

Pag-aangkop

Ang pag-aangkop sa natural (likas) at pantaong sistema bilang tugon sa aktwal o inaasahang pangyayari sa kapaligiran na dulot ng klima o mga epekto nito na nagbabawas sa posibleng pinsala o magagamit ang makabubuting mga oportunidad.

Pinsalang Bayolohikal

Proseso o kaganapang may organikong pinagmulan o dala ng organismong bayolohikal, kabilang ang pagkalantad sa mga organismong may baktiryang nagdudulot ng sakit, lason o mga sangkap na bioactive na nagiging sanhi ng kamatayan, kapinsalaan, karamdaman at iba pang pinsalang pangkalusugan, pagkasira ng ari-arian, pagkawala ng kabuhayan, pagkaantala ng mga serbisyong panlipunan at pangkabuhayan o pagkawasak ng kapaligiran.

Mga Alituntunin sa Pagtatayo ng Imprastraktura

Itinakdang mga ordinansa at regulasyon at kaugnay na mga pamantayan na naglalayong makontrol ang mga aspekto ng disenyo, materyales, konstruksyon, pagbabago at pag-okupa (paninirahan) sa mga istruktura na kinakailangan upang siguruhin (tiyakin) ang kaligtasan at kagalingan ng tao, kasama na ang pagpigil sa pagguho at pagkasira.

Text

Ang kumbinasyon ng lahat ng kalakasan, katangian at rekursong mayruon ang isang komunidad, lipunan o organisasyon na maaaring magamit upang makamit ang napagkasunduang mga layunin.

Pagpapaunlad ng Kakayahan

Ang proseso kung-saang ang mga tao, organisasyon at lipunan ay sistematikong nagpapasigla at naglilinang/nagpapayabong ng kanilang mga kakayahan sa isang haba ng panahon upang makapagkamit ng panlipunan at pangkabuhayang mga layunin, kabilang ang sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kaalaman, kakayahan, sistema at institusyon.

Pagbabago ng Klima

a) Ang Inter-governmental Panel on Climate Change (IPCC) ay nagpapakahulugan sa pagbabago ng klima bilang “isang pagbabago sa estado ng klima na maaring matukoy (hal. sa paggamit ng istatistikong pagsusuri), sa pamamagitan ng pagbabagu-bago ng tahas at dating mga katangian nito at nagpapatuloy sa mas mahabang panahon – karaniwang sa loob ng mga dekada o higit pa. Ang pagbabago ng klima ay maaaring dulot ng mga natural na prosesong panloob o panlabas na pwersa, o ng walang-humpay na mga aktibidad ng mga tao na makakaapekto sa komposisyon ng atmospera/kalawakan o sa gamit ng lupa.

b) Ang United Nations Framework Convention on Climate Change (UNFCCC) ay nagpapakahulugan sa pagbabago ng klima bilang “isang pagbabago ng klima na maiuugnay ng tuwiran o di-tuwiran sa aktibidad ng tao na nagpapabago sa komposisyon ng pandaigdigang atmospera na siyang nakadaragdag sa pabagu-bagong natural na klimang naoobserbahan sa mapaghahambing na mga panahong nakalipas.”



Pagpapalano para sa Posibleng Maganap

Isang proseso ng pangangasiwa na sumusuri sa posibleng kaganapan o umuusbong na sitwasyon na maaaring magsapeligro sa lipunan o kapaligiran at maaga pa’y nagtatakda na ng kaayusan upang magkaruon ng napapanahon, umaangkop at epektibong pagtugon sa mga nasabing mga kaganapan at sitwasyon.

Kakayahan sa Pag-angkop

Ang kakayahan ng mga tao, organisasyon at sistema, gamit ang naruong kasanayan at rekurso, na pakiharapan at pamahalaan ang di-paborableng mga kondisyon, mga sitwasyong pangkagipitan at mga kalamidad.

Ulasan:Kemampuan untuk terus bertahan dalam suasana bencana, memerlukan kesadaran, sumber, dan pengurusan baik, dalam keadaan tenang dan semasa krisis atau keadaan buruk. Kapasiti penerimaan dapat menyumbang kepada pengurangan risiko bencana.

Mapagwastong Pamamahala sa Panganib ng Kalamidad


Mga aktibidad sa pangangasiwa na tumutugon at nagsisikap na maituwid o mabawasan ang mga peligro sa mga kalamidad na umiiral na sa kasalukuyan.

Kritikal na mga Pasilidad

Ang mga pangunahing pisikal na istruktura, teknikal na mga pasilidad at sistema na mahalaga sa lipunan at ekonomya at sa paggana ng lipunan at komunidad, sa ordinaryo mang takbo ng buhay at maging sa matitinding pangkagipitang sitwasyon.


Kalamidad

Isang malaking bulabog sa takbo ng buhay ng komunidad at lipunan na kinasasangkutan ng malawakang pantao, pangmateryal, pangkabuhayan at pangkalikasang hambalos at pinsala, na masyadong malaki kaysa kakayahan ng mga apektadong komunidad at lipunan na maangkupan gamit ang sariling mga rekurso.



Peligro ng Kalamidad

Ang sistematikong proseso ng paggamit ng mga administratibong direktiba, organisasyon at mga kasanayan at kakayahan sa operasyon upang maisakatuparan ang mga estratehiya, patakaran at pinagbuting mga kakayahan upang mabawasan ang negatibong epekto ng bantang panganib at ng posibilidad ng kalamidad.




Pagbabawas sa Peligro ng Kalamidad

Ang konsepto at praktika ng pagbabawas sa peligro/panganib ng kalamidad sa pamamagitan ng sistematikong pagsisikap na suriin at pamahalaan ang mga salik na kadahilanan ng kalamidad, kabilang na ang pagbabawas sa pagkalantad sa mga peligro, pagpapaliit sa bulnerabilidad ng mga tao at ariarian, matalinong paggamit ng lupa at kapaligiran, at ang pinahusay pang kahandaan laban sa mapaminsalang mga pangyayari.


Plano sa Pagbabawas ng Peligro ng Kalamidad

Isang dokumentong inihanda ng isang awtoridad, sektor, organisasyon, kompanya sa negosyo, at iba pang pampubliko't pamribadong sektor – na nagtatakda ng mga mithiin at ispisipikong mga layunin na kamtin ang pagbabawas ng mga peligro hatid ng kalamidad kalakip ang mga kaugnay na mga aksyon upang maisakatuparan ang naitakdang mga layunin.



Sistema ng Maagang Babala

Ang itinakdang kabuuang tinipong kakayahan sa paglilikom at pamamahagi ng mga napapanahon at makabuluhang mga impormasyon at babala upang magawang ang mga indibidwal, komunidad at organisasyon sa nagbabantang panganib ay makapaghanda, kumilos nang naaangkop at napapanahon upang mabawasan ang posibilidad ng sakuna o pinsala.




Pakinabang mula sa Ecosystem

Ang mga pakinabang na nakukuha ng mga mamamayan at komunidad mula sa ecosystem.


Kaganapang El Nino-Southern Oscillation

Ang kumplikadong ugnayan ng tropikal na Karagatang Pasipiko at ng pandaigdigang atmospera na nagbubunga ng iregular, kakaibang insidente ng pagbabago sa padrong pandagat at pang-panahon (weather) sa maraming bahagi ng mundo na kadalasan ay may kalakip na signipikanteng epekto sa maraming mga buwan, tulad ng napalitanang panahanang pandagat (altered marine habitats), pagbabago sa buhos ng ulan, mga pagbaha, tagtuyot, at pagbabago sa padron ng mga bagyo.



Pamamahalang Pangkagipitan

Ang pag-oorganisa at pamamahala ng rekurso at mga responsibilidad (pananagutan) para harapin ang lahat ng aspektong pangkagipitan, sa partikular ay ang kahandaan, pagtugon at mga unang hakbang para makarekober.



Mga Serbisyong Pangkagipitan

Kabuuan ng iba't ibang ahensya na may ispisipikong responsibilidad (pananagutan) at mga layunin na paglingkuran at proteksyunan ang mga mamamayan at ariarian sa pangkagipitang mga sitwasyon.

Pagkasira ng Kalikasan

Ang pagkabawas ng kakayahan ng natural/likas na kapaligiran na matugunan ang mga layunin at pangangailangang sosyal (panlipunan) at ekolohikal.

Pagtatasa ng Epektong Pangkapaligiran

Proseso na ang kahihinatnan ng kapaligiran sa isang mungkahing proyekto o programa ay isinasailalim sa pagsusuri at pagtimbang bilang kabahagi ng plano't pagdedesisyon sa paglilimita o pagbabawas ng negatibong epekto sa kapaligiran.

Pagkalantad sa mga Bantang Peligro/Panganib


Mga mamamayan, ariarian, sistema at iba pang elemento na nasa peligrosong lunan at sa gayo'y nakataya sa potensyal na mga pinsala.

Malawakang Peligro

Ang malawakang peligro kaugnay ng pagkalantad ng kalat-kalat na populasyon sa paulit-ulit o tuluy-tuloy na peligrosong kondisyon na may mababa o katamtamang intensidad (sidhi), na kadalasang may mataas na katangiang lokal, na mangyayaring mauwi sa nakalulumpang natipong haplit ng kalamidad.


Pag-uulat

Tahasang pahayag o istatistikong pagtataya ng posibleng pangyayari sa hinaharap o mga kondisyon sa isang partikular na lugar.




Peligrong Heolohikal

Prosesong heolohikal o kaganapan na maaring magbunga ng kamatayan (ng tao), pinsala sa katawan at kalusugan, pagkasira ng ariarian, pagkawala ng kabuhayan at mga serbisyo, pagkabulabog ng lipunan at ekonomya, at pagkawasak ng kapaligiran.



Greenhouse Gases

Gaseous na mga sangkap sa atmospera, natural o likha ng mga aktibidad ng tao (anthropogenic), na humihigop o nagpapasingaw ng radiation ng mainit na radyasyong infra-red na isinisingaw ng Daigdig, ng atmospera mismo at ng mga ulap.



Peligro

Isang mapanganib na kaganapan, substansya, aktibidad ng tao, o kondisyon na maaaring kumutil ng buhay, puminsala sa katawan at kalusugan, sumira ng ariarian, magwasak ng kabuhayan at mga serbisyo, bumulabog ng lipunan at ekonomya at magwasak ng kapaligiran.

Peligrong Hydrometeorolohikal

Proseso o kaganapan na may katangiang atmosperiko, haydrolohikal (pantubig) o oceanograpiko (pandagat) na maaring kumitil ng buhay, puminsala sa katawan at kalusugan, sumira sa ariarian, magwasak sa kabuhayan at mga serbisyo, bumulabog sa lipunan at ekonomya at magwasak ng kapaligiran.

Mga Labing (Tirang) Peligro


Ang nalalabing peligro sa di-napamahalaang anyo (porma), kahit na mayruong mga hakbang sa pagbabawas ng peligro ng kalamidad, ay pagkakalooban pa rin ng pangkagipitang pagtugon at ang mga kakayahan sa pagrekober ay mamantinihin.

Katatagan

Ang kakayahan ng isang sistema, komunidad o lipunan na lantad sa mga peligro na labanan, tanggapin, balikatin at makabawi mula sa mga epekto ng peligro sa isang napapanahon at masinop na paraan kabilang na ang pangangalaga at pagpapanumbalik ng esensyal na mga batayang istruktura at tungkulin.


Pagtugon

Ang pagkakaloob ng pangkagipitang serbisyo at pampublikong tulong sa panahon o kagyat pagkaraan ng kalamidad upang makasagip ng buhay, mabawasan ang pinasalang pangkalusugan, masiguro ang pampublikong kaligtasan at matugunan ang batayang pangangailangan sa kabuhayan ng mga taong apektado.



Retrofitting

Pagpapalakas at pagpapahusay ng mga umiiral na istruktura upang maging matibay at matatag laban sa mapaminsalang mga epekto ng mga peligro.



Peligro

Ang probabilidad ng isang pangyayari at ang negatibong mga epekto nito.




Pagtatasa sa Peligro

Pamamaraan upang matukoy ang kalikasan at saklaw ng peligro sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga potensyal na panganib at pag-aaral sa umiiral na mga kondisyon ng bulnerabilidad (kahinaan) na magkasama'y matinding makakapinsala sa nakalantad na mga tao, ariarian, serbisyo, kabuhayan at sa kapaligiran kung-saan sila umaasa (depend).


Pamamahala sa Peligro

Ang sistematkong pamamaraan at praktika ng pamamahala ng kawalang-katiyakan para mabawasan ang posibilidad ng pinsala at kawalan.



Paglilipat ng Peligro

Ang proseso ng pormal o impormal na paglilipat ng pinansyal na kahihinatnan ng partikular na mga peligro mula sa isang partido tungo sa isa pa kung-saang ang isang pamilya, komunidad, negosyo (empresa) o awtoridad na pang-estado ay makakakuha ng rekurso mula sa ibang partido pagkaraan ng isang kalamidad bilang kapalit ng tumatakbo o kabayaran sosyal o benipisyong pinansyal na naipagkaloob sa naturang partido.



Natural-at-Likhang-Taong Peligro

Ang penomeno (kaganapan) ng dumaraming pangyayaring heopisikal at haydrometeorohikal na mapanganib na kaganapan, tulad ng pagguho ng lupa, pagbaha, pagbitak ng lupa at tagtuyot na bunga ng interaksyon ng natural na peligro sa sobra-nang-naabuso at wasak nang kalupaan at likas-yaman.

Istruktural at Di-istruktural na mga Hakbang

Istruktural na mga Hakbang. Anumang konstruksyong pisikal na nagbabawas o umiiwas sa posibleng haplit ng panganib, o paggamit ng inhinyerong teknik upang magkaruon ng tibay at tatag laban sa peligro sa istruktura at sistema.

Di-istruktural na mga Hakbang. Anumang hakbang na hindi nangangailangan ng kontruksyong pisikal at gumagamit ng kaalaman, praktika o kasunduan upang mabawasan ang mga peligro at masamang mga epekto nito, sa partikular ay sa pamamagitan ng mga patakaran at mga batas, pagpapataas ng pampublikong kamalayan, pagsasanay at edukasyon.



Sustenableng Pag-unlad

Pag-unlad na tumutugon sa mga pangangailangan ng kasalukuyan nang hindi nagkukompromiso sa kakayahan ng mga henerasyon ng hinaharap na matugunan ang kanilang sariling mga pangangailangan.

Peligrong Teknolohikal

Peligrong nagmumula sa teknolohikal o industriyal na mga kondisyon, kabilang na ang mga aksidente, mapanganib na mga pamamaraan, pagpalya ng mga imprakstruktura o ispisipikong mga aktibidad ng tao na maaaring magbunga ng kamatayan, kapinsalaan, sakit o iba pang peligrong pangkalusugan, pagkasira ng ariarian, pagkawala ng kabuhayan at mga serbisyo, pagkabulabog ng lipunan at ekonomya, at pagkawasak ng kapaligiran.



Bulnerabilidad/ Kahinaan

Mga katangian at kalagayan ng isang komunidad, sistema o pag-aari na lumilikha ditong mahina't madaling kapitan ng mapaminsalang epekto ng isang peligro.



United Nations
International Strategy for Disaster Reduction

UNISDR welcomes this partnership effort in simplified disaster risk reduction terminology. This terminology is adapted to country contexts for ensuring better understanding of disaster risks amongst communities. It is not meant to be used for legal or other purpose of any official nature.

The original English terminology, developed by the United Nations International Strategy for Disaster Reduction (UNISDR) is available at:
www.unisdr.org/publications



ADRRN Secretariat:

MERCY Malaysia, Level 2,
Podium Block, City Point,
Kompleks Dayabumi,
Jalan Sultan Hishamuddin,
P.O. Box 11216
50050 Kuala Lumpur
Malaysia
Web: www.adrrn.net



**Center for Disaster
Preparedness (CDP)**
CSWCD Building,
R. Magsaysay Avenue,
University of the
Philippines Campus,
Diliman, Quezon City,
Philippines
Web: www.cdp.org.ph